



Tsinugo NGUNIT HINDI *Nangailangan*

Ivan Olitiquit

May parehong pagkasabik at pagkabagabag ang mga tauhan sa ating mga pagbasa ngayon sa Misa: ipinagtanggol ni Amos ang sarili mula sa pagtuligsa ni Amasias ng Betel (Unang Pagbasa); naninindigan ang propeta na hindi gawagawa ang pagsugo sa kanya ni Yawe. Sa parehong espiritu ng pagsusugo ipinadala ni Hesus ang Labindalawa sa iba't ibang bayan sa Israel (Ebanghelyo). Tila salat ang mga tagasunod ng Panginoon dahil sa kakarampot na dala nila at sa bilis ng kanilang pamamahayag. Ito ba talaga ang ipinangakong Mabuting Balita ni Yawe na siyang hula ng mga propeta, kabilang si Amos? Ayon kay San Pablo, oo. Ito ang pagpapalang iginawad ng Diyos sa mga sumasampalataya kay Kristo, tulad ng mga sinulatan ni Pablo sa Efeso (Ikalawang Pagbasa). Ang pananampalataya natin sa kanya'y sumasalamin sa pagpili niya sa atin at pag-aalay para sa atin. Nakababagabag nga

naman kung ipadadala tayo sa kung saan hindi tayo handang sumuong at kung saan walang katiyakan ang kahihinatnan. Ngunit mas nakasabik pa rin ang matupad ang iniatas sa atin ng Diyos!

Marahil nasanay tayo sa ideyang ang pinadadala/inuutusan ay pinagkalooban ng sapat na probisyon para sa kanyang misyon. Kailangang may pondo, kagamitan, lakas, at/o kapangyarihan upang malampasan ang mga hamon at matupad ang hangarin. Natural lamang na humingi tayo ng pag-alalay sa sinumang nag-atas na gawin ang ganito at/o magpunta sa ganoon. Pero tanging kapangyarihan lang na magpalayas ng masasamang espiritu ang ipinagkaloob ni Hesus sa kanyang mga alagad. Walang kikitain ang mga sinugo; dapat silang humanda sa posibilidad na ipagtabuyan sila ng mga bayang pupuntahan. Bakit? Itinuturo sa atin dito ni Hesus na ang mga misyon natin sa

buhay, bagama't mula sa Diyos na hindi nagpapabaya, ay mga pagkakataong lumago sa pananampalataya: minsan tigib ang padala, minsan kakaunti lang, minsan wala talagang ipinababaong biyaya. Alalahanin natin dito ang batang David: iniwan niya ang baluti't sandata na bigay sa kanya ni Haring Saul. Sa halip, namulot lamang siya ng limang bato. Hindi niya dala ang mga bato bago niya nilisan ang sandatahan ng Israel. Mahalaga sa pagtanaw natin ng biyaya kung gaano tayo kahandang tanggapin ito sa anumang anyo o dami nito—kung ito ba'y ipamamahagi agad o paunti-unti, ayon sa kalooban ng Diyos. Sapagkat dito tunay na umusbong ang pagtitiwala sa Panginoon. Kahit dumanas tayo ng pagkabigo o maging atrasado man kahit ginawa natin ang lahat ng makakaya, hindi tayo panghihinaan ng loob dahil alam nating bahagi ito ng plano ng Maykapal na makipag-ugnayan sa atin.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Akong iyong pinatawad sa iyo'y makahaharap nang mukha mo ay mamalas. Sa piling mo'y magagalak 'pag liwanag mo'y sumikat.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumainyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Ninana ng Diyos na tayo ang magpatuloy ng misyong iniatas niya sa kanyang Anak na si Hesus. Sa ating Ebanghelyo, ang paraan ng pagsusugo sa Labindalawa ay nangangahulugan na ang misyon ni Hesus ay maipagpapatuloy lamang sa pamamagitan ng kooperasyon at pagtutulungan ng bawat isa.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, tinipon tayo bilang kaanib ng angkan ng Diyos kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad ng lubos. *(Tumahimik)*

P—Isinugong Tagapagligtas sa mga nagsisisi: Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Dumating na Tagapag-anya yang mga makasalana'y magsisi: Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.

Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Jesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, nililiwanagan ng iyong maaasahang ilaw ang mga naliligaw na iyong pinababalik sa daan para ikaw ay matagpuan. Ang mga kabilang sa nananalig sa iyong Anak ay pagkalooban mong makapagwaksi sa tanang salungat sa ngalang Kristiyanong sa iyo'y tinanggap upang ito ay talagang mapangatawanang ganap sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

(Am 7:12–15) (Umupo)

Tahimik ang buhay ni Amos bilang pastol nang bigla siyang sinugo ng Panginoon upang maging propeta. Bagama't nabulabog ang kanyang buhay, patuloy na nagtiwala si Amos sa Diyos lalung-lalo na nang usigin siya ng saserdote.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Amos

NOONG mga araw na iyon, hinarap ni Amasias, ang

saserdote sa Betel, si Amos, “Bulaan kang propeta! Magbalik ka na sa Juda; doon ka maghanapbuhay sa pamamagitan ng iyong panghuhula. Huwag ka nang manghuhula rito sa Betel. Narito ang pambansang templo at dito sumasamba ang hari.”

Sumagot si Amos, “Hindi ako propeta—hindi ko ito hanapbuhay. Ako'y pastol at nag-aalaga rin ng mga punong-igos. Ngunit inialis ako ng Panginoon sa gawaing iyon at inutusang magsalita para sa kanya, sa mga taga-Israel.”

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 84)

T—Pag-ibig mo'y ipakita, iligtas kami sa dusa.

Marfori

1. Aking naririnig magmula sa Poon ang sinasalita;/ sinasabi niyang ang mga lingkod n'ya'y magiging payapa,/ kung mangagsisisi at di na babalik sa gawang masama./ Ang nagpaparangal sa pangalan niya'y kanyang iligtas,/ sa ating lupain ay mananatili ang kanyang paglingap. **(T)**

2. Ang pagtatapatan at pag-iibiga'y magdadaup-palad,/ ang kapayapaan at ang katwira'y magsasamang ganap./ Sa balat ng lupa'y pawang maghahari yaong pagtatapat,/ at ang katarungan nama'y maghahari mula sa itaas. **(T)**

3. Gagawing maunlad ng Panginoong Diyos itong ating buhay,/ ang mga halaman sa ating lupai'y bubungang mainam;/ sa harapan niya yaong maghahari'y pawang katarungan,/ magiging payapa't

susunod ang madla sa kanyang daan. (T)

Ikalawang Pagbasa (Ef 1:3–10)

Gumawa si San Pablo ng himno ng pasasalamat sa Diyos sa mga biyayang ipinagkaloob nito sa kanya sa pamamagitan ni Kristo. Tungkulin nating ibalita ang kagandahang-loob ng Diyos sa mga hindi pa nakaririnig nito.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

MAGPASALAMAT tayo sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesukristo! Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo. At sa atin ngang pakikipag-isang ito, hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo’y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni Jesukristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban. Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

Tinubos tayo ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at sa gayo’y pinatawad na ang ating mga kasalanan. Gayun kadakila ang pag-ibig na ipinadama niya sa atin! Binigyan niya tayo ng karunungan at kabatiran upang lubos nating maunawaan ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan sa pamamagitan ni Kristo pagdating ng takdang panahon. Ang panukalang ito ay pag-isahin kay Kristo ang lahat ng nasa langit at nasa lupa.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Ef 1:17–18) (*Tumayo*)

B—Aleluya! Aleluya! D’yos Ama ni Hesukristo, kami ay liwanagan mo at tutugon kami sa ‘yo. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mc 6:7–13)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, tinawag ni Hesus ang Labindalawa, at sinugong daladalawa. Binigyan niya sila ng kapangyarihang magpalayas ng masasamang espiritu, at pinagbilinan: “Sa inyong paglalakbay, huwag kayong magdala ng anuman, maliban sa tungkod. Ni pagkain, balutan, salapi sa inyong lukbutan o bihisan, ay huwag kayong magdala. Ngunit magsuot kayo ng panyapak.” Sinabi rin niya sa kanila, “At sa alinmang tahanang inyong tuluyan—manatili kayo roon hanggang sa pag-alis ninyo sa bayang iyon. Kung ayaw kayong tanggapin o pakinggan sa isang dako, umalis kayo roon at ipagpag ninyo ang alikabok ng inyong mga paa, bilang babala sa mga taga-roon.” Kaya’t humayo ang Labindalawa at nangaral sa mga tao na pagsisihan nila at talikdan ang kanilang mga kasalanan. Pinalayas nila ang maraming demonyo sa mga inaalihan nito; pinahiran nila ng langis at pinagaling ang maraming maysakit.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

B—Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto

at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Manalangin tayo sa Diyos Ama nang may buong pagtitiwala upang maging ganap ang ating pananampalataya, maisabuhay natin ito, at maibahagi sa kapwa. Buong puso nating itugon:

T—Panginoon, dinggin mo kami.

L—Bigyan mo nawa ng lakas ng loob at pangangatawan ang Santo Papa, mga obispo, pari, at diyakono nang masigasig nilang maipalaganap ang iyong pag-ibig sa mundo. Manalangin tayo: (T)

L—Gabayan mo nawa ang mga namumuno sa pamahalaan upang maglingkod sila nang buong katapatan at walang hinihintay na kapalit. Manalangin tayo: (T)

L—Ipakita mo, Panginoon, ang pag-asa sa mga may sakit at kapansanan, mga matatanda, nalulumbay, at mga nahihirapan nang sa gayu’y magpatuloy sila sa iyong pagmamahal. Manalangin tayo: (T)

L—Samahan mo sa kanilang huling paglalakbay sa lupa ang mga kapatid naming nasa bingit ng kamatayan. Ipakita mo rin ang liwanag ng buhay na walang hanggan sa mga minamahal naming yumao. Manalangin tayo: (T)

P—Ama namin, dinggin mo ang aming mga panalangin upang magkaroon kami ng lakas na makasunod lagi sa iyong kalooban. Bitbitin mo nawa ang aming mga samo.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B—Amen.



Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, tunguhan mo ang mga alay ng iyong sumasamang Sambayanan at tanggapin mo ang mga ito para madagdagan ang iyong kabanalan sa mga nananalig na tunay sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

Prepasyo

(*Karaniwang Panahon II*)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo
Panginoong Diyos ng mga

Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang

(*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon

(Jn 6:57)

“Ang nagsasalo sa buhay ng sariling aking alay sa akin ay mananahan, ako ay makakapisan,” ani Hesukristong mahal.

Panalangin Pagkapakinabang

(*Tumayo*)

P—Ama naming mapagmahal, kaming mga pinapagsalo mo sa piging na banal ay makatanggap nawa ng bungang karagdagan ng iyong pagliligtas na aming ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

Pagbabasbas

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Magsiyuko kayo habang

iginagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik*)

Pagpalain nawa kayo ng kapayapaan ng Diyos na pinagmumulan ng tanang kasiyahan sa buhay ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Pagkalooban nawa kayo ng Diyos ng kalayaan mula sa takot at pangamba, palakasin ang inyong loob sa pagpapadama niya sa inyo ng pag-ibig niyang walang hanggan.

B—Amen.

P—Pasaganahin nawa niya sa inyo ang kaloob niyang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig upang lahat ng inyong gawain sa araw-araw ay magbunga ng kaligayahan sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P—Humayo kayo at maging mga tunay na alagad ni Jesus sa inyong pagmamalasakit at pag-ibig sa kapwa.

B—Salamat sa Diyos.

BE A PRIEST OR
A BROTHER OF
MASS MEDIA

If you are a Grade 12 student, a college student, or a young professional, male, single, and interested to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication, we invite you to journey with us.

Visit our websites:
ssp.ph or stpauls.ph

Tel: (02) 8895-9701